# Kanselahin (pawalang-bisa) ang Power of Attorney

(Cancel (revoke) a Power of Attorney)

**Author**
Northwest Justice Project

**Last Review Date**
October 17, 2024

Maaaring mong kanselahin (pawalang-bisa) ang iyong power of attorney anumang oras sa pamamagitan ng pagbibigay ng nasusulat na abiso sa iyong agent. (Mga form at tagubilin)

Form attached:
**Pagpapawalang-bisa sa Power of Attorney** (NJP Planning 502 TL)

**Ano ba ang power of attorney o legal na awtorisasyon?**

Pinahihintulutan ka ng form na power of attorney na pumili ng pinagkakatiwalaang kaibigan o kamag-anak na tutulong sa mga desisyon mo sa pinansiyal, mga desisyon sa pangangalaga sa kalusugan, pangangalaga sa mental na kalusugan, o kapangyarihan bilang mga magulang. Ang pinagkakatiwalaang kaibigan o kamag-anak ay tinatawag na iyong "agent."

**Puwede ko bang kanselahin ang power of attorney?**

Oo. Puwede mong kanselahin (puwede mong **pawalang-bisa**) ang iyong power of attorney anumang oras sa pamamagitan ng pagbibigay ng nasusulat na abiso sa iyong agent. Maaari mong gamitin ang aming Revocation of Power of Attorney form o sumulat ka mismo.

Magbigay ng kopya ng abiso ng pagpapawalang-bisa sa iyong medical pro/media/148vider, bangko, paaralan, at iba pang lugar na maaaring mayroon ng lumang power of attorney o kaya posibleng tatanggap nito. Kung posible, bawiin at sirain ang mga kopya ng iyong pinawalang-bisang power of attorney, o sabihin sa mga mayroon ng mga pinawalang-bisang kopya na sirain ang mga iyon. Magtago ng kopya ng iyong pinawalang-bisang power of attorney sa iyong mga

record na may nakasulat na "NAPAWALANG-BISA" sa harap nito.

**Ang form o sulat ba na ginamit ko para ipawalang-bisa ang power of attorney ay kailangang naipanotaryo?**

Hindi. Hindi kailangang ipanotaryo ang iyong abiso ng pagpapawalang-bisa. Ang aming form ay may impormasyon ng notaryo kung sakaling kailangan mong notaryohan ito.

**Paano kung ninakawan ako ng pera o sinaktan ako ng agent ko?**

Dapat mong ipawalang-bisa agad ang iyong power of attorney. Siguraduhin na ang iyong mga medical provider, bangko, paaralan, at iba pang lugar na maaaring mayroon o tatanggap ng lumang power of attorney mo ay mabibigyan ng kopya ng form o sulat na ginawa mo para ipawalang-bisa ang lumang power of attorney. Puwede mong ireport ang agent sa lokal na law enforcement o Adult Protective Services (APS).

Kung nababahala ka sa kaligtasan mo kahit na naipawalang-bisa mo na ang iyong power of attorney, maaaring kailangan mong pumunta sa korte para sa protection order laban sa agent.

**Puwede ba akong mamili ng ibang agent?**

Oo. Pagkatapos mong ipawalang-bisa ang lumang power of atttorney mo, puwede kang pumirma ng bagong power of attorney na form para pumili ng ibang agent. Sa bago mong power of attorney na form, siguraduhing banggitin na walang ng bisa ang lahat ng naunang power of attorney na form.

**WashingtonLawHelp.org** gives general information. It is not legal advice.
Find organizations that provide free legal help on our Get legal help page.

| # Pagpapawalang-bisa sa Power of Attorney | # Revocation of Power of Attorney |
|---|---|
| *Gamitin ang form na ito kung gusto mong* ***kanselahin*** *(pawalang-bisa) ang isang Power of Attorney o Legal na Awtorisasyon. Nirerekomenda namin na pirmahan ang form na ito sa harap ng notaryo, pero hindi naman hinihiling ang pagnonotaryo.* | *Use this form if you want to* ***cancel*** *(revoke) a Power of Attorney. We recommend you sign this form in front of a notary, but notarization is not required.* |
| Ang pangalan ko ay ______________________. | My name is ______________________. |
| Binabawi ko ang Power of Attorney para sa (*itsek lahat ang kapit*): | I hereby revoke the Power of Attorney for (*check all that apply*): |
| ☐ Pinansiyal | Finances |
| ☐ Pag-aalaga sa Kalusugan | Health Care |
| ☐ Pangangalaga sa Kalusugan ng Pag-iisip | Mental Health Care |
| ☐ Kapangyarihan ng Magulang | Parental Powers |
| ☐ Iba pa (*ilarawan*): ______________________ | Other (*describe*): ______________________ |
| na ibinigay ko kay (*pangalan ng agent*) ______________________ | that I gave to (*agent name*) ______________________ |
| at (*pangalan ng alternatibong agent, kung meron*) ______________________ | and (*alternate agent name, if any*) ______________________ |
| ______________________ Pirma ko | ← My signature |
| Petsa: ______________________ | ← Date |

**Notarization (Optional) / (May Notaryo - Opsyonal)**

State of Washington (Estado ng Washington)
County of (County ng) ______________________

Signed or attested before me on (*date*) ______________________
Pinirmahan o pinatunayan sa harap ko noong (*petsa*)

by (*name*) / ni (*pangalan*)______________________.

______________________
Signature of Notary (Pirma ng Notaryo)

Notary Public for the State of Washington.
(Notaryo Publiko para sa Estado ng Washington)

My commission expires (Ang pagtatalaga sa akin ay matatapos) ______________________



WashingtonLawHelp.org
© Northwest Justice Project